# BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 6 | 10.00 | NOV. 7 - NOV. 13, 2022


## Congratulations, Burnaby City Councillor Maita Santiago!



**by ROEMER I. CABLAYAN –** "Paki naman, Kabayan." I am running to be a city councillor here in our city."

"Opo, Ikakampanya ka namin, Ma'am, " I told Ms. Maita Santiago.

And myself, together with our relatives, friends

*See page 2*

## Akomplisment sa unang 100 araw, inilahad ni VG Athena D. Tolentino

*... matapat na serbisyo sa kagalingan at kapakinabangan ng taumbayang Caviteno, prioridad sa Sangguniang Panlalawigan*




*KAYTAMIS na ngiti ng tagumpay sa larawang ito ni Cavite Vice Gov. Athena D. Tolentino na nagtapos ng Psychology degree sa Laurentian University, Greater Sudsury, Ontario, Canada./Mula sa FB, Nov. 07.*

**BANTAYBALITA –** Ano-ano ba ang na-accomplish na, sa loob ng unang 100 araw ni Honorabler Athena Delgado Tolentino -- ang kauna-unahang babaeng bise-gobernador ng Lalawigan ng Cavite?

Sa ulat ng kanyang opisina, nakatala na mula Hulyo 1 hanggang Oktubre 8, 2022, inaprubahan ng Sangguniang Panlalawigan ang isang batas na katugma sa United Nations Sustainable Development Goals (UNSDGs), AmBisyon Natin 2040.

Dagdag dito, ang walong (8)-point socio-economic agenda ng administrasyon ni Presidente Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr.

Bilang presiding officer ng Sangguniang Panlalawigan(SP), 117 resolusyon, 12 ordinansa ang tinalakay at pinagtibay sa ginanap na 11 regular session, kasama ang ipinatawag na miting publiko ng iba-ibang komite sa Sangguniang Panlalawigan (SP).

Udyok ng hangaring makapagbigay ng mahusay na paglilingkod, buong pagsisikap at aktibong lumahok si VG Tolentino, kasama ang mga bokal ng walong distrito ng lalawigan sa pagbalangkas ng mahahalagang panukalang lokal na tuntunin sa layuning malutas ang mga isyu at problemang kailangang matapang na harapin at masolusyunan.

Isa rito ang mental health care.

Nais ng batambatang bise-gobernadora na maisama ang pagsusulong ng kalusugan sa pag-iisip sa mga kurikulum at aralin sa mga paaralan at akademya, sa mga lugar ng trabaho at sa komunidad.

Kailangan nang masimulan -- sa pamamagitan ng mga lokal na ordinansa -- ang pagtatatag, pag-aayos ng

**Sundan sa p.8**



*Mainit na yakap sa anak, sinabi ni Tagaytay Mayor Bambol Tolentino sa dalagang bise-gobernadora: "I'm very proud of you!"*

## Edukasyon, karapatan ng bawat bata

**ni GENE T. TAN –** Bilang isang ina at lokal na mambabatas, kinikilala ni Imus City Councilor Jelyn L. Maliksi ang kahalagahan ng edukasyon -- at ito ay karapatan ng bawat bata.

Sa kanyang FaceBook page, sinabi ni Konsi Jelyn na matapos dumalo sa pagtataas ng pambansang watawat tuwing Lunes sa bagong Imus City Government Center, at kasunod nito, sumali siya sa pamamahagi ng educational assistance na kaloob ni 3rd Cavite District Congress,am AJ Advincula.

Sa harap ng kapwa konsehal ng Sangguniang Panlungsod at mga iskolar ni Rep. AJ, nagbigay mensahe si Konsehala Maliksi ng ilang mahahalagang bagay tungkol sa edukasyon.

Hindi lamang matutukoy ang edukasyon na kaalamang natutunan sa paaralan at unibersidad, dahil ang edukasyon ay patuloy na proseso ng pagkakamit ng mga kaalaman, kasanayan at mahahalagang bagay mula karanasan sa sarili at karanasang mula sa ibang tao.

**sundan sa p.2**

## Si General Gerald Bantag lang ba?

*... sino-sino pa ang 'utak' umano sa pagpaslang kay Ka Percy Lapid?*

**ni ELI TAPARAN –** May hold order departure (HDO) nang inilabas ang DOJ laban kay suspended BuCor Director Gerald Bantag na sabi ng PNP ay isa sa dalawang utak sa Percy Lapid (Mabasa) murder case.

Payo ni Sen. Bato dela Rosa kay Bantag, isuko ang sarili, pero sa interbyu sa kanya ng kilalang brodkaster at vlogger i Ka Tunying Taverna, sinabi ng suspendigong hepe ng BuCor na hindi raw siya pahuhuli nang buhay.

Patay na kung patay, sabi ni Bantag sa paniwalang siya ay pini-frame-up siya ng mga dinurog na druglords sa loob at sa labas ng New Bilibid Prisons.

Bakit nga sa 160 persons of interest, siya lang ang tinukoy ng mga imbestigador, at ang dalawang police general na sangkot din daw, hindi pinangalanan.

Itinatanong naman ng pamilya ni Kapatid Percy Lapid, sa paghahanap sa isa pang utak ng krimen, may isa bang "Duterte" na maisasangkot?

Madalas upakan ni Ka Percy si dating Pangulong Rodrigo Duterte na painsulto na tinatawag na "Digongnyo" sa halip na bigyang respeto bilang presidente ng bansa.

Sabi ng PNP at DOj, nagalit si Bantag kay Ka Percy dahil sa mapanirang tirada nito sa umano ay hinalang nagkakamal ng pera gamit ang poder bilang DG ng BuCor -- na sa interbyu ni Ka Tunying ay sinabi na inuupahan lang ang 'mansion' na tinitirhan at hindi sa kanya,kungdi pag-aari ng mga kapitbahay ang mga mamahaling sasakyang tinukoy ni Ka Percy na kay Bantag daw?

Kasama sa HDO laban kay Gerald Bantag si BuCor Director for Security and Operations Ricardo Zulueta, mga presong sina Denver Batungbakal, Mayores Alvin Cornista Labra, Aldrin Micosia Galicia, at Alfie Peñaredonda.

Kasong murder rin ang isinampa laban sa mga preso ring sina Mario Germonez Alvarez, Joseph Medel Georfo, Christam Dizon Ramac, Ricky Lamigo Salgado, Ronnie Pabustan de la Cruz, Joel Alog Reyes, isang Labra at isang Galicia na magkakasabwat daw sa pagsupot ng plastik sa ulo ni Jun Villamor -- ang middleman sa Percy murder -- at kumontak sa umaming killer na si Joel Escorial.

Paano raw binalak at isinagawa ang murder kay Mabasa?

Sa kuwento ng itinakbong imbestigasyon ng PNP at NBI, si Bantag daw ang nag-order kay Zulueta na magplano at magsagawa ng pagliligpit kay Ka Percy.

Ito raw si Mayores -- na nakapiit sa Iwahig Prison sa Palawan-- ang inutusan daw ni Zulueta na kumontak ng mga kikilos para sa paglikida kay Mabasa,

Nakontak ni Mayores si Labra ng Batang City Jail na kinontak naman si Labra ng Sputnik gang na siya naman daw kumausap kay Villamor para humanap ng hitman, at itong si Villamor ay kinontak si Christopher Bacoto, isa pang middleman na nakahoyo sa Bureau of Jail Management and Penology para maghanap ng hitman -- ang sumuko at kumantang killer na si Escorial -- na tinanggap ang trabaho sa halagang P550,000.

Ito raw si Peñaredonda na kumander ng HappyGoLucky prison gang ang financier sa krimen.

Sa isa pang kuwento, 'yun daw utos na likidahin si Villamor ay iniutos ni Bantag kay Galicia na iniutos naman



***Suspendigong BuCor Director General Gerald Bantag***

kina Georfo at Alvarez na nagsabi naman sa miyembro ng Sputnik Gang na sina Ramac, Salgado, De la Cruz at Reyes na patayin si Villamor.

Ito raw alias Jocon, ang presong nagsupot ng plastic bag sa ulo ni Villamor.

Ayon sa rekord, kondenadong preso sa krimeng murder, attempted murder at pagkadakip sa pag-iingat ng ilegal na baril si Villamor -- na hindi na pumalag at pumayag na lang basta patayin, ayon sa apidabit ng mga akusadong preso sa krimen.

Pero kung napanood nyo ang kuwento sa pagpatay kina Mabasa at Villamor ang tiyakang tinukoy si Gen. Bantag na siya ngang nag-utos sa dalawang krimen.

Puro daw, sabi raw, iniutos raw ni "Bantag" na hindi sinabi kung si DG Bantag nga iyon na nag-order daw sa double murder.

**Sundan sa p.2**

# Edukasyon, karapatan ng bawat bata

*mula sa p.1*

Mahalaga ang edukasyon, sabi ni Konsehala Maliksi, dahil dito ay nagagawa ng isang tao na bumagay at umangkop sa nagbabagong pangyayari sa araw-araw na buhay.

Kung may edukasyon, naniniwala siya na nakagagawa ang isang tao ng mahusay na pag-unawa sa mga isyu at kaalaman upang maunawaan ang mabuti at ang masama.

Aniya, mahalaga ang edukasyon sa paglalakbay sa buhay at makapag-ambag sa ikauunlad ng sarili, makatutulong sa kapwa, sa lipunan at sa buong bansa.

Sabi nga, iba na ang may alam, at ang "alam" na ito ay makukuha sa edukasyon na tutulong upang ang isang tao ay matuto ng mga kasanayang magbabangon sa sarili mula sa kahirapan at pagkagutom.

Kaya, ipinaalaala ni Konsehal Jelyn sa mga batang Imuseno na 'wag sayangin ang pagkakataong ibinigay sa kanila at alalahanin ang mga sakripisyo ng kanilang mga magulang n ginagawa -- sabi nga -- ay iginagapang sila sa hirap mapag-aral lamang sila hanggang sa makakaya.

Sa pagkatuto na bumasa, magsulat at magsalita at makinig, nagagawa ng tao na makapag-isip at maging malikhain.

Ngayong mahigpit ang kumpetisyon sa mundo ng hanapbuhay, malaking bentahe ang may natapos na sa paaralan. sa kolehiyo, lalo na at makilatis ang mga employer sa pagkuha ng kukuhaning empleyado.

Gayunman, may mga kaalaman hindi nakukuha sa pormal na edukasyong mula sa paaralan, sabi nga, may matatagumpay na tao sa industriya, negosyo, siyensiya at iba pang larangan nang hindi nagkaroon ng pagkakataong makatapos sa kolehiyo, o sa mataas na paaralan man lang.

Makukuha ang edukasyon mula sa sariling sikap at tiyaga mula sa kaalamang itinuro ng mga nakatatanda, mga kaalamang mula sa pagbabasa, pakikisalamuha sa mga mga taong experto sa maraming larangan ng buhay.

Sa huling mensahe ni Konsehala Maliksi, pinasalamatan niya ang lahat ng kapwa opisyal ng pamahalaang panlungsod sa pagkakaloob ng oportunidad sa mga kabataang Imuseno na makamit ang pagkakataong matamo ang edukasyong nais na magbibigay ng malaking pagkakataon sa kanila sa pakikibaka sa tunay na mundo ng buhay -- sa labas ng paaralan, at sa tunay na Pamantasan ng Buhay.



Nagbibigay ng mahalagang payo sa kaharap na mga kabataang Iskolar ng Imus si Konsehala Jelyn L. Maliksi.

Sa likuran, si Imus City Mayor Alex Advincula, 3rd Dist. Rep. AJ Advincula at mga kasamang konsehal ng Sangguniang Panlungsod ng Imus.

# Sa ngayon, independent ako: Mayor Vico Sotto

**ni EDUARDO ROSALES –**

Matapos na magbitiw bilang miyembro ng Aksyon Demokratiko --ang partidong sinakyan ni Manila Mayor Isko Moreno sa nakaraang presidential elections --. sinabi ni Pasig Mayor Vico Sotto na wala muna siyang aanibang partido politikal.

Sa halip, nanawagan sila na magbuo ng isang malakas na sistema ng partido politikal na hindi nakabase sa kasikatan at personalidad.

Sa interbyu ng media, lagi niyang sinasabi, "For now, I'm independent."

Mananatili siya, sa ngayon, aniya, na isang independenteng politiko, at wala siyang interes na sumapi sa mga partidong siya ay inaalok na sumapi.

Aniya, hindi siya sasapi sa isang partido politikal para sa pansariling pakinabang.

Mas gusto niya na itaguyod ang isang malakas na partido politikal at isang malakas na sistema ng politika sa bansa na hindi nakabase sa kasikatan at/o sa mga partidong ang mga kasapi ay malalaking tao sa politika.

Kung sasapi man siya, iyon ay sa partidong nangingibabaw ang prinsipyo, may



**Mayor Vico SOTTO**

itinataguyod na ideolohiya at sa paraan at sistema kung paano pinatatakbo ang partido, paliwanag ng akalde ng Pasig.

Madalas na tinatawag na 'Giant Killer" si Vico na sa una at ikatlong

*sundan sa p.7*

# Si General Gerald Bantag lang ba?

*mula sa p.1*

Basta sa isa pang apidabit ni Escorial ay sinabi na sinabi raw sa kanya ni Villamr na ang order sa pagpatay kay Ka Percy ay utos daw ng isang "Bantag" na walang tiyakang pangalan kung iyon mismo ay utos nga ng sinuspinde at ngayon ay nagtatagong si Director General Gerald Bantag.

Dahil patay na si Villamor, hindi na matatanong kung yung "Bantag" na nag-utos daw sa pagpatay kay Lapid ay si Heneral Gerald Bantag nga!

Pansinin, nang unang sumuko, mangumpisal si Escorial sa kanyang apidabit noong Okt. 17, wala siyang binanggit kung sino ang nag-utos sa kanya na patayin si Ka Percy.

Ewan lang natin kung sa susunod na presentasyon o kung pormal nang isasampa ng piskalya ay may lumitaw na mga "bagong apidabit" na tinutukoy na nga na si DG Bantag ang isa sa mga utak ng pagpatay kina Lapid at Villamor.

Sa ngayon, sabi ng mga kakilalang abogado, "marites" lang o hearsay ang pagkasangkot kay DG Bantag sa dalawang krimen.

Dahil si "Bantag" raw ang isa sa mga utak, e sino ang ikalawa o punong utak sa krimen?

Hindi na persons of interest ang 159 tao na todong inupakan ni Ka Precy sa kanyang programang "Lapid Fire"?

Kung script ito sa pelikula, ang daming butas, at kailangang matakpan ang mga butas na ito para kapag ginawa na ang "pelikula" ay maging mapani-paniwala at mapatunayan sa hukuman na "beyond reasonable doubt" ang magiging hatol ng hukumang uusig sa mga inaakusahang magkakasabwat sa pagpatay kina Ka Percy at Villamor.

Sa ngayon, mananatiling inosente si DG Bantag dahil ayon sa ating proseso ng batas, ipinapalagay, itinuturing na walang kasalanan ang isang akusado hanggang hindi napatutunayan at nadedesisyunan ng husgado.

Tulad ng pamilya Mabasa, ninanais natin na matukoy at maparusahan ang mga tunay na utak ng pamamaslang at makamit na ni Ka Percy ang tunay na hustisya.

Hinahanap na ng awtoridad sina DG Bantag at Zulueta at kung sila ay masukol, mangyari kaya ang banta ni Bantag na, "Hindi ako pahuhuli nang buhay!"

# Congratulations, Burnaby City Councillor Maita Santiago!

*from p.1*

here in the City of Burnaby (British Columbia, Canada), kahit hindi botante rito, I told them, "'Yung kakilala n'yo na makakaboto, please, vote for Maita. We need a representative in the City Government."

A few days before the October 15 city election (fortunately coincided with my 46th birthday), I received my ballot by mail.

I texted our cousins and friends that we have to rally behind Ms. Maita.

'Yung mga kalaro ko sa basketball -- we have a team: RIR -- and before our game, I called a meeting and told everyone: "Maita tayo, 'wag kalimutan. Santiago for Councillor dito sa atin sa Burnaby."

On October 18, early morning, I received the good news, Ma'am Maita won!

Burnaby Now, a weekly free paper here, bannered:"Maita Santiago is Burnaby's first Filipino elected to office."

The news story was written by Lauren Vanderdeen which stated: "For the first time in Burnaby's history, the city has elected a Filipino councillor."

Our Kabayan Maita garnered 11,347 votes and last Nov. 2 she was sworned in along with unopposed and reelected City Mayor Mike Hurley and other winners in a simple ceremony at the city hall.

Who is Maita, our first ever Burnaby City councillor?

In 1977, her first home was in Burnaby when she immigrated to Canada as a young girl from the Philippines.

Maita was a political science graduate from Simon Fraser University and was involved in women's issues and concerns in British Columbia and then was an active member of the Filipino-Canadian Youth Alliance.

In 2002-2008, Maita was the secretary general of Migrante International, a global alliance of overseas Filipino workers (OFWs).

She's the head of Mabuhay House Society, a non-profit organization dedicated to developing intercultural spaces highlighting Filipino contributions in British Columbia.

Councillor Maita Santiago is a member of a local political party Burnaby Citizens Association and affiliated with the New Democratic Party (NDP) which saw six of its eight (8) candidates a council seat on election night.

In a quick talk over the cellphone, brand new Burnaby City Councillor Santiago thanked all kapwa Filipino who supported her candidacy.

Santiago said she still can't believed she won.

In the City Council, Ms. Maita said she will work hard on Housing issue, Education, Employment and, of course problems of migrant workers, with special concerns about OFWs in BC,

Burnaby Now quoted Santiago: "Housing was the number 1 issue that came out (while campaigning), across homeowners, across tenants – it's an issue that my own family feels."

As a regular mother with two kids, Councillor Santiago said that housing anchors individuals and families.

She talked about high costs of housing, rentals and the rising costs of living in Burnaby.

Santiago has only good words for the city government for having green spaces, good transit services and the well-managed city government budget.

And I can only agree with Councillor Santiago: " Magaling talaga ang ating City Mayor Mike Hurley."

Congratulations, kabayang Councillor Maita Santiago.

--------------------------------

--------------------------------

About the author: Roemer Cablayan is a practicing nurse at the BC Children's Hospital in Vancouver. He has been in Canada for more than 15 years and like Maita is a naturalized Canadian citizen. He was also a medical doctor in the Philippines. Cablayan was an alumnus of the College of Nursing and Midwifery of the De La Salle University, Dasmarinas City Campus.

# Only in Cavite, and in the Philippines: DasCa Kolumbaryo



**ni DOMZ B.CAOILE –** Mula nang mapasinayaan ang Dasca Kolumbaryo, maraming mahihirap na residente ng Dasmarinas City ang natulungang mabigyan ng disente at marangal na serbisyo ang kanilang yumaong minamahal sa buhay.

Itong Dasca Kolumbaryo, ayon sa ating pagkaalam, ay ang kauna-unahang public columbarium sa Pilipina, at natatandaan ko, isa ako sa local media na nakasaksi sa pagbubukas nito sa publiko noong Pebrero 9, 2020.

Pinangunahan ang inagurasyon ni Dasmarinas City Congressman Pidi F. Barzaga Jr. at maybahay niyang si Mayor Jenny A. Barzaga na sinaksihan nina Board Member Jun Dela Cuesta, Vice Mayor Raul Rex Mangubat; mga konsehal ng Sangguniang Panlungsod, mga Kapitan ng Barangay, mga kasapi ng Kababaihan ng Dasmariñas sa Bagong Milenyo (KDBM) at ng Green Ladies.

Nito ngang nakaraang Undas, maraming nakinabang sa serbisyo ng Kolumbaryo ay tiyak natin, ipinalanangin nila ang kalusugan ng ating mga lider ng pamahalaang lokal ng Dasmarinas, lalo na ang mag-asawang Barzaga.

Libre ang paglalagak ng abo ng mga namayapang minamahal ng mahihirap na residente ng siyudad, sa pagkatanda ko ay sinabi ni Mayor Jenny Barzaga.

Ito, sabi ng alkalde ay serbisyong makatao ng pamahalaang lungsod dahil, alam natin, mahal ang bayad sa cremation o pagsunog para maging abo ang mga labi ng namayapa.

Kayang tumanggap ng 8,800 urno DasCa Kolumbaryo at mula 2020, ilan na kayang urno ang libreng nakalagak doon?

Kahit libre ang pagdedeposito ng urno sa kolumbaryo, pati ang pagsusunog, may mahigpit na tuntuning dapat masunod, ayon sa Special Ordinance No. 02-S-2019 na pinagtibay ng Dasmarinas City Council.

Mayroon itong 'strict exclusionary measure" tungkol sa dalawang serbisyong "'Free Funeral Program" o "'Free Inurnment Service."


Ilan sa tuntunin ay libreng paggamit sa lugar na mapapanood ang serbisyong libing at pagsusunog sa Kolumbaryo, ayon sa Special Ordinance No. 02-S-2019,

Ang 'paglilibing' (paglalagak) ng urno ay mula sa pinakamababang lugar, mula sa kaliwa, papuntang kanan, hanggang sa ito ay mapuno.

No special treatment: kung saan nakatoka ang paglalagakan ng urno, doon iyon ilalagay, hindi puwedeng pumuli sa gusto nilang espasyo ang mga namatayan.

Iba talagang magserbisyo ang pamahalaang Barzaga ng Dasmarinas: todo sa kalinga at malasakit na makatao na, libre pa!

Only in Dasmarinas City ito, kabayang Cavitenyo!




# The Maceda Law of 1972



**THE PUBLISHER**

**by Henry E. CAOILE**

WE are inviting 'de campanilla lawyers' to shed lights about -Republic Act No. 6552, authored by Sen. Ernesto Maceda in 1972.

Dahil nasusulat sa English, kami na karaniwang tao na walang gaanong alam ay nabibiktima ng mga real estate developers and agents, at madalas nareremata ang kanilang hulugang bahay at lupa -- kung halimbawa, hindi nakapaghulog gawa ng biglang nawalan ng trabaho o kaya'y kailangang gastusin ang pera panghulog para gastusin sa pagpapagamot sa mahal sa buhay.

Minsan, may mga buyer na regular sa installment payments, pero sa di-malamang dahilan, naiwala o nawala ang mga resibo, at sasabihin ng developer o ng ahente na hindi nakababayad at dahil dito, ipo-foreclose ang property.

At marami pang problema, at ito bang batas na ito, ang Maceda Law ay sagot o proteksiyon ng mga tulad naming patak-patak sa paghuhulog ng house and lot.

Here is the full text of RA No.6552:

AN ACT TO PROVIDE PROTECTION TO BUYERS OF REAL ESTATE ON INSTALLMENT PAYMENTS. (Rep. Act No. 6552)

Section 1. This Act shall be known as the "Realty Installment Buyer Act."

Section 2. It is hereby declared a public policy to protect buyers of real estate on installment payments against onerous and oppressive conditions.

Section 3. In all transactions or contracts involving the sale or financing of real estate on installment payments, including residential condominium apartments but excluding industrial lots, commercial buildings and sales to tenants under Republic Act Numbered Thirty-eight hundred forty-four, as amended by Republic Act Numbered Sixty-three hundred eighty-nine, where the buyer has paid at least two years of installments, the buyer is entitled to the following rights in case he defaults in the payment of succeeding installments:

(a) To pay, without additional interest, the unpaid installments due within the total grace period earned by him which is hereby fixed at the rate of one month grace period for every one year of installment payments made: Provided, That this right shall be exercised by the buyer only once in every five years of the life of the contract and its extensions, if any.

(b) If the contract is canceled, the seller shall refund to the buyer the cash surrender value of the payments on the property equivalent to fifty per cent of the total payments made, and, after five years of installments, an additional five per cent every year but not to exceed ninety per cent of the total payments made: Provided, That the actual cancellation of the contract shall take place after thirty days from receipt by the buyer of the notice of cancellation or the demand for rescission of the contract by a notarial act and upon full payment of the cash surrender value to the buyer.

Down payments, deposits or options on the contract shall be included in the computation of the total number of installment payments made.

Section 4. In case where less than two years of installments were paid, the seller shall give the buyer a grace period of not less than sixty days from the date the installment became due.

If the buyer fails to pay the installments due at the expiration of the grace period, the seller may cancel the contract after thirty days from receipt by the buyer of the notice of cancellation or the demand for rescission of the contract by a notarial act.

Section 5. Under Section 3 and 4, the buyer shall have the right to sell his rights or assign the same to another person or

*See page 7*

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1.
Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
Phone: 09274890759 / 09289406369
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com

*Publisher:* **HENRY E. CAOILE**
*Editorial Consultant:* **ELI TAPARAN II**
*Executive Editor:* **DOMZ B. CAOILE**
*Special Projects Director:* **ADELA R. ZAMORA**
*Circulation Manager:* **LIZA FE BONETE**
*Contributing Writers:* **NOLI LIWANAG, LUKAS DA SILVA, GENE T. TAN, ED 'MUTO' G. CUENCA**
*Art & Production Manager:* **ART BEJASA**

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

AWS

**ALFFEJEN WATER SERVICES**

ALFFEJEN Water Purifier Installation Services is a registered service that install a quality Commercial, Industrial and Residential Water Treatment System, whether it is a Deepwell or Water District Source. We install Reverse Osmosis System, Water Filtration System, Alkaline Drinking System and Water Refilling System Nationwide.

Through AWS skilled team, quality products, excellent service and great - after sales, we can firmly assure that our clients receive a pure, safe and clean water.

For further information, kindly message us on our FB page: ALFFEJEN WATER SERVICES, or you may contact also at these numbers: 09279182878 /09668963151

# United Nations Day Celebration at Children of Mary Academy of Dasmarinas and its Imus City's branch

**by DOMZ B. CAOILE –** What is the importance of the founding of the United Nations?

In an interview, Madam Liberty Casipe Macalino, proprietor and administrator of Children of Mary Academy of Dasmarinas and its Imus City Branch, said that the UN Day marked the anniversary of the entry into force in 1945 of the UN Charter.

Ms. Macalino said that 77 years ago, the world witnessed the conclusion of two months of intense multilateral diplomacy with the ratification of this founding document of the UN by the majority of its signatories, including the five permanent members of the Security Council.

The United Nations officially came into being in October 24, 1945.

"It was one defining acts of the 20th century, when the 50 representatives endorsed the creation of this international organization in the hopes of preserving peace and building a better world world for all," explained Madam Liberty.

Ms. Annalie Marte, the academy's principal said that the celebration of United Nations Day started in 1948, and since then the UN General Assembly every Oct. 24 all member states observed that day as a public holiday.

Last Nov.5, the Children of Mary Academy of Dasmarinas and its Imus City branch celebrated the UN Day with a Parade of Nations, where students from different grade levels participated in the parade of the flags of nations.

The faculty, the school administration and the parents, volunteers helped students gather in their nationality groups.

"Masaya naman ang mga bata, pati ang mga parents, kasi, more than two years na wala kaming ganitong activity, kasi nga po, dahil sa Covid-19 pandemic," Madam Macalino told this paper.

The photos of the occasion showed students dressed up in colorful attires of countries they represented such as the United States, Japan, Australia, Costa Rica, Mexico, Ghana, Argentina, France, Ireland, Hungary, China, and others.

The 2022 theme of UN celebrations is "Nourishing Peace that aims to address how food security and peace are intertwined on the international scale.

Like in other countries, in the Philippines we have seen firsthand how the scarcity of sufficient and nutritious food drives conflict and political stability.

Madam Macalino can only agree and said that the present administration is formulating strategies and programs to help the agriculture, fisheries at livestocks sectors and the food manufacturing industries to produce more food that are readily available to our countrymen.

Ms. Marte said days before the UN celebrations the school conducted information about the importance of the UN to their students.

"Nag-decorate na kami sa school, at nag-rehearse ang mga bata sa mga activities to promote UN awarenes, " Principal Marte said.

Madam Macalino said that the faculty had prepared special programs to spread awareness about the significance of United Nations works.

